REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG **91-189**

**KAPASIYAHAN NA NAGLALAAN NG HALAGANG P800,867.00 BILANG KABAYARAN SA PAGKAKAUTANG NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA MAKATI DEVELOPMENT CORPORATION NA NAGSAGAWA NG PAGSASAAYOS NG LANSANGANG BAYAN MULA SA SUSANA HEIGHTS HANGGANG HANGGANAN NG MUNTINLUPA-LAGUNA AT PAGSASAAYOS RIN NG ALABANG JEEPNEY TERMINAL NOONG OKTUBRE 1985 AYON NA RIN SA NILAGDAANG KASUNDUAN NG MAGKABILANG PANIG.**

*****************************************************************

**SAPAGKAT,** ang anumang pagkakautang ng pamahalaang bayan maging ito'y obligasyon ng nakaraang administrasyon ay tungkulin na bayaran ng kasalukuyang administrasyon kung ito'y may sapat na batayang-legal at kaukulang dokumento upang suportahan at patunayan ang pagkakautang;

**SAPAGKAT,** nararapat na pahalagahan ng kasalukuyang administrasyon ang anumang legal na kasunduan na pinasok ng dating administrasyon;

**SAPAGKAT,** ang pagkakautang ng Pamahalaang Bayan sa Makati Development Corporation ay lubhang matagal na at ang nabanggit na kompanya ay talo na sa halaga ng pera dulot ng pagbaba ng piso sa dolyar;

**SAPAGKAT,** nararapat na pangalagaan ang pangalan ng pamahalaang bayan sa larangan ng pag-utang ang integridad nito ay hindi masira sa mata ninuman.

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan ang kapasiyahan na naglalaan ng halagang P800,867.00 bilang kabayaran sa pagkakautang ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa Makati Development Corporation na nagsagawa ng pagsasaayos ng lansangang bayan mula sa Susana Heights hanggang hangganan ng Muntinlupa-Laguna at pagsasaayos rin ng Alabang Jeepney Terminal noong Oktubre 1985 ayon na rin sa nilagdaang kasunduan ng magkabilang panig.

**PINAGTIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA,** sa kanilang pang 154 pangkaraniwang pulong sa ginanap ngayong ika-13 ng Mayo, 1991 sa Sala ng Hukumang Tagausig.

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

**(hindi bumoto)**
KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/cpa